

KONTEKSTUWALISADONG LEARNING ACTIVITY SHEET BILANG KAGAMITANG PANTURO AT ANTAS NG PAGBASA

GINA T. PLATA¹

IMELDA G. CARADA, PhD²

14-s-ma-001@lspu.edu.ph¹,

imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0003-2118-0250¹

0000-0003-3843-2653²

Dolores Macasaet National High School Candelaria, Quezon, Philippines¹

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, Philippines²

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet at Antas ng Pagbasa. Naniniwala ang mananaliksik na makakatulong sa pagtaas ng antas ng pagbasa ang Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet Bilang Kagamitang Panturo sa asignaturang Filipino. Nilayon ng pag-aaral na matugunan ang sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay/gawain at pagtataya. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet? May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet? May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet at antas ng kasanayan sa pagbasa? Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masukat ang antas ng pagtanggap sa Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet bilang kagamitang panturo. Ang pamaraang eksperimental-correlational ang ginamit sa pananaliksik upang makalap at masukat ang makatotohanang impormasyon na kailangan sa pag-aaral. Ginamit ang mean at standard deviation upang sukatin ang antas ng pagtanggap sa kontekstuwalisadong learning activity sheet. Natuklasan sa pag-aaral ang sumusunod na mean score at standard deviation sa antas ng pagtanggap ng kontekstuwalisadong learning activity sheet batay sa: Layunin: mean=3.89, SD=0.38, Nilalaman; mean=4.38, SD=0.41; Pagsasanay/Gawain: mean=4.31; SD=0.41 at Pagtataya: mean=4.21; SD=0.47. Ginamit naman ang frequency at percentage upang sukatin ang makabuluhang pagkakaiba bago at pagkatapos gamitin ang kontekstuwalisadong learning activity sheets upang masukat kung may makabuluhang kaugnayan ang kontekstuwalisadong learning activity sheet sa antas ng pagbasa. Sa kinalabasan ng pag-aaral naging katanggap-tanggap ang kontekstuwalisadong learning activity sheet bilang kagamitang panturo batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay/gawain at pagtataya. Natuklasan sa pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang kontekstuwalisadong learning activity sheet batay sa lumabas resulta ng isinagawang pre-test at post-test sa literal, inferensyal at antas na pagbasa. Nangangahulgan na nakatulong sa pagtaas ng antas ng pagbasa ang materyal na kontekstuwalisadong learning activity sheet. Sa pagtatapos ng pag-aaral natuklasang walang makabuluhang kaugnayan ang kontekstuwalisadong learning activity sheet sa literal, inferensyal na antas ng pagbasa subalit may positibong relasyon ang materyal sa antas ng pagbasa.



Mga susing salita: Kontekstuwalisadong Learning Activity Sheet Kagamitang Panturo, Antas ng Pagbasa

